Presented at the 12th DLSU Arts Congress
De La Salle University, Manila, Philippines
February 20, 21 and 22, 2019

# "Kamag-anakan natin yan:" Ang pag-asam ng 'ginhawa' bilang motibasyon sa pagboto at ang sistema ng kamag-anakan sa lokal na halalan Isang Panimulang Pag-aaral

Quennie Ann J. Palafox, MPA
*Department of Education*
*Tarlac Province*
*quennieann_palafox@yahoo.com*

**Abstrak:** Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng *exploratory case study* na uri ng kwalitatibong pananaliksik na ginamitan ng mga instrumento kagaya ng pakikipanayam, *interview questionnaire forms* at pagsusuri sa mga kaugnay na pag-aaral at pagrerebyu sa literatura, upang mailarawan at mailahad ang impluwensya ng kamag-anakan sa lokal na halalan sa bayan ng Santa Cruz, Marinduque, gayundin ang batayang teorya ng 'ginhawa' bilang motibasyon sa pagsuporta sa isang kamag-anakan sa halalan. Naging layunin rin ng pag-aaral na ito ang masuri ang kaugnayan ng sistema ng kamag-anakan at ang pagnanais ng 'ginhawa' sa pagbubuo ng dinastiyang pampulitika sa lokal na pamahalaan. Base sa mga datos na nakalap at sinuri, napag-alaman na malaki ang papel na ginagampanan ng kamag-anakan katulad ng pagtulong sa kampanya, pagboto at pagbibigay ng tulong pinansyal, sa pagkapanalo ng isang kandidato sa lokal na halalan. Subalit, ang suporta sa nahalal na kandidato sa halalan ay maaring may inaasahang kapalit katulad ng pag-asam na ang kamag-anakan na sumuporta ay matulungan sa oras ng pangagailangan. Samakatuwid, isang motibasyon sa pagtulong sa kamag-anakan sa halalan ay ang pag-aasam ng 'ginhawa.' Sa kabilang banda, ang pinagsamang sistema ng kamag-anakan sa pulitika at 'ginhawa' bilang isang motibasyon sa pagboto ay maaring makaimpluwensya sa pagbubuo ng mga makapangyarihang pamilya ng dinastiyang pulitikal.

**Key Words:** kamag-anakan; lokal na halalan; dinastiyang pampulitika; barangay

The approach used in this study is exploratory case study of qualitative research in which the data were collected through field research and review of related literature and studies, and through applying the theoretical framework of 'ginhawa' in order to describe the influence of *kamag-anakan* (kin) to local election in Santa Cruz, Marinduque. Based on the data collected and analyzed, it has been found that family plays a significant role to elect their candidates who are their *kamag-anakan* to office such as persuading voters to support them and donating of campaign funds and materials. However, the favor extended in supporting their *kamag-anakan* to win in the election is expected to be returned in the same way that they should help their

relatives in times of need. Therefore, the quest for 'ginhawa' is a powerful motivation in the local election.

**Key Words:** kamag-anakan; lokal na halalan; ginhawa; barangay

# 1. INTRODUKSYON

Ang Marinduque ay isang lalawigang napapaligiran ng dagat na matatagpuan sa Rehiyong Katagalugan. Binansagang "puso ng Pilipinas" ang lalawigan ng Marinduque dahil ito ay nasa pinakasentro ng mapa ng Pilipinas. Kilala rin ang lalawigan sa pamoso nitong Moriones Festival na dinarayo ng mga turista tuwing Mahal ng Araw.

Nakapaligid sa islang lalawigan ng Marinduque ang mga probinsya ng Mindoro, Batangas, Quezon at Romblon. Ang lalawigan ay may tinatayang 959. 2 kilometrong parisukat at binubuo ng anim na bayan: Boac, Mogpog, Santa Cruz, Buenavista, Torrijos at Gasan (Soberano, 1980). Ang pangunahing lenggwahe sa lalawigan ay Tagalog, subalit sa libro ni Lopez na may pinamagatang "Boak Tagalog of Marinduque," na inilathala noong 1925, napag-alaman niyang ang ilang salitang Tagalog ng mga taga-Boac ay kaparehas sa Tagalog ng Maynila ngunit magkaiba ang kahulugan at gumagamit rin ng idyomatikong ekpresyon ang Tagalog ng Boac. Ang Tagalog ng Marinduque ay sinasabing may halong Bikolano at Bisaya. Sa konklusyon ni Lopez, simple ang Tagalog ng Boak kung ikukumpara sa mas mataas na antas ng Tagalog ng Maynila (sipi mula sa Soberano, 1980).

Iba-iba ang mga paliwanag o interpretasyon tungkol sa pinagmulan ng pangalang 'Marinduque.' Base sa popular na kuwento, ang pangalang Marinduque ay nagmula sa pinagsamang pangalan ng isang dilag na si "Maring" at ang kanyang mangingibig na si "Duque." Sa mga sinaunang dokumento, ang Marinduque ay tinawag na *Malinduc, Marinducq, Marinduc, Malindig* (Soberano, 1980).

Katolisismo ang pinakamalaking relihiyon sa Marinduque. Ang mga paring Pransiscano ang unang mga misyonero na nagbahagi ng ebanghelyo sa Lalawigan ng Marinduque simula noong 1574. Sa librong "Historico Religioso Estado Geografico" ni Padre Felix de Huerta na inilimbag noong 1865, ang pinakaunang bayan sa Marinduque na naitatag ay ang Boac noong 1580 ni Fray Esteban Ortiz, ang unang apostol ng Marinduque, at tinawag itong *Montserrat de Marinduque*. Mula sa Boac, pinalawak ng mga Pransiskano ang kanilang misyon sa Sta. Cruz at Gasan. Ang Santa Cruz ay tinawag na *San Juan de Marinduque* ng mga Pransiskano. Mula sa pagiging *visitas* ng Boac, ang Santa Cruz at Gasan ay naging independiyenteng mga parokya mula sa Boac noong 1609. Ang unang pari ng Santa Cruz ay si Fray Juan Rosendo (Huerta, 1865). Dahil sa kakulangan ng mga tauhan sa misyon, ibinalik ng mga Pransiskano ang Marinduque sa arsobispo ng Maynila. Ang mga Heswita ay hiniling na mangasiwa sa isla. Pinalitan nila ang pangalan ng *San Juan de Marinduque* na naging Sta. Cruz de Napo. Napo ang orihinal na pangalan ng Sta. Cruz (De la Costa, 1989, sinipi ni Javellana, 1991).

Sa mahigit apat na raang taon na nakakalipas mula ng ito ay maitatag bilang bayan, nanatiling payak ang pamumuhay sa bayan ng Santa Cruz. Nanantiling mailap pa rin ang pag-unlad ng bayan na pinamunuan ng maraming mga nagdaang pulitiko. Sa kasalukuyan, ang Santa Cruz ay may 55 na barangay at may populasyon na humigit' kumulang na 60,000. Ang bilang ng botante ay mahigit 30,000 bagama't marami ang nandadarayuhan sa Kamaynilaan at kalapit na lalawigan bunga ng kakulangan ng hanapbuhay sa bayan. Ang kasalukuyang alkalde na si Marissa Red ay anak ng dating alkalde na si Wifredo "W" Red, habang ang bise-alkalde na si Geraldine Morales ay anak ng yumaong dating alkalde na si Percival Morales. Parehong nagmula sa mga kilalang angkan sa pulitika ang alkalde at bise-alkalde na may mga tapat na tagasuporta. Muling tatakbo sa pagka-alkalde si Red at sa pagka bise-alkalde si Morales sa darating na halalan sa Mayo 2019. Dito muling

masusubok ang impluwensya at pwersa ng kamag-anakan na may kanya-kanyang susuportahang kandidato. Ang lokal na halalan sa Marinduque ay hindi lamang labanan ng mga kandidato na nangangarap magsilbi sa bayan kundi tunggalian rin ng mga angkan na kanilang kinabibilangan.

## 2. PAGLALAHAD NG SULIRANIN

Isa sa mga layunin ng pag-aaral na ito ay mailarawan at mailahad kung ano ang malaking papel na ginagampanan ng kamag-anakan sa lokal na halalan sa pamamagitan ng pagsusuri sa karanasan ng isang halal na opisyal ng bayan bilang isang *key informant* at mga halal na opisyales ng mga barangay sa bayan ng Santa Cruz, Marinduque bilang mga kalahok sa pag-aaral. Upang maging makabuluhan ang diskurso sa paksang ito ay susuriin rin kung ang pagboto ng isang kamag-anakan sa halalan ay naiimpluwensyahan ng pag-asam ng 'ginhawa' at kung may kaugnayan ba ang 'kamag-anakan' at 'ginhawa' bilang mga motibasyon sa pagboto sa pagbuo ng dinastiyang pulitikal.

Layunin ng Pag-aaral

1. Ilahad ang mundong pangkahulugan ng kamag-anakan sa kulturang Pilipino.
2. Malaman kung ang kamag-anakan ay isang malaking puwersa sa lokal na halalan.
3. Masuri kung ang pag-asam ng ginhawa ay isang motibasyon sa pagsuporta sa "kamag-anakan" sa halalan.
4. Siyasatin ang kaugnayan ng 'ginahawa' at 'kamag-anakan' sa pagkakaroon ng dinastiyang pulitikal

## Batayang Teorya

Ang batayang teorya na ginamit sa pag-aaral na ito ukol sa impluwensya ng angkan o kamag-anakan sa pulika ay mula kina Propesor Julio Teehankee at De Dios. Ayon kay Teehanke (2001, 2007, 2012), ang mga angkan, hindi ang mga partido pulitikal, ang higanteng bumubuo ng pulitika. . . ang patuloy na pamumuno ng mga pulitikong angkan ay ang dahilan at produkto ng kabiguang bumuo ng isang tunay na demokratikong sistema ng elesyon. Sa pananaw ni De Dios (2007), mula sa sipi ni Teehankee (2012), bahagi ng pagsisikap ng mga pulitikong Pilipino ay ang magkamal ng benepisyo sa katungkulan, ang politikong angkan ay naging pinakalawak at pinipiling anyo ng organisasyon sa mga lokal na pulitika dahil sa kawalan ng matatag na mga organisasyon ng partido. Ang pamilya ay nagbibigay ng pulutong ng mga tagasuporta sa pamamagitan ng matagal at matatag na mga personal na ugnayan.

Sa konsepto ng 'ginhawa' sa papel na ito, ang batayang teoryang ginamit ay ang konsepto ng 'ginhawa' sa sikolohiyang Pilipino. Si Propesor Zeus Salazar ang nagsimula ng pag-aaral ukol sa konsepto ng ginhawa sa Sikolohiyang Pilipino (Salazar, 1976, sipi mula sa Chua, 2014). Ang ginhawa ay nagmula sa salitang Austranesyano na ang ibig sabihin ay "huminga." Sa mga Tagalog noong unang 17 siglo, ang "ginhawa" inuugnay sa kalusugan gaya ng pagkakapawi ng sakit o karamdaman o paggaling na may kinalaman pa rin sa paghinga at buhay (Peñalosa, 2014).

Sa diksyonaryong Bisaya ni Juan Felix de la Encarnacion (1851), ang "guinhaoa" ay ang "tiyan" at ang pinakasikmura nito; paghinga, diwa. (2) Isa rin itong pandiwa na ang ibig sabihin ay huminga. (3) Sa patalinhagang gamit, ito ay ang bagay na nagbibigay ng buhay sa lahat ng nilalang; (4) ugali, disposisyon, kondisyon, para sa ikabubuti o ikasasama. Noong 1637, gayundin ang mga pakahulugan ni Mentrida, kasama na ang "lasa" ("taste") ganang kumain ("appetite") (Salazar 1976, 131; Salazar 1977, 140; Salazar 1983, 99-100; Abrera 1994, sinipi sa Rodriguez 2001, 29 at Rodriguez-Tatel 2006, 16). Ang kolektibong anyo nito, i.e., "kaginhawahan" ay mahigpit na kaugnay ng konsepto ng kasarinlan (Guillermo 1999, sinipi sa Rodriguez 2001, 31, sinipi mula kay Chua, 2014). Maginhawa ang pakiramdam kung matiwasay ang pamumuhay. May

katiwasayan kung sapat na natutugunan ang mga pangangailangan. Hindi lumalabis, ni kinakapos. At kung wala ring iilang nagmamalabis habang ang iba'y naghihikahos. Ibig sabihin, may kaginhawahan kung ang lahat, hindi lamang isa o iilan ay nakikinabang sa biyaya ng kani-kanilang pagpupunyagi (Rodriguez 2001, 30; Rodriguez-Tatel 2006, 16, sinipi mula sa Chua, 2014).

## 3. PAMAMARAAN NG PAG-AARAL

Ang pag-aaral ay gumamit ng *exploratory case study design* na isang kwalitatibong metodo na ayon kay Gerring (2007) ay "malalim na pag-aaral sa isang *case* o kaso…na may layunin na magkaroon ng pangkalahatang tuntunin sa mga kaparehong kaso…." Inilarawan ni Meyer (2001) ang case study na "…isang pag-aaral na binubuo ng detalyadong pananaliksik…na may layuning magbigay ng analisis ng konteksto at proseso na sangkot sa pinag-aaralang penomenon…" (sinipi mula sa Hill, 2017).

Sa ginawang pagsasaliksik, gumamit ng mga instrumento kagaya ng pakikipanayam, *interview questionnaire* at pagsusuri sa mga kaugnay na pag-aaral at mga dokumento. Upang makakakalap ng datos, isinagawa ang pagbabahagi ng *interview questionnaire forms* noong pagsasanay ng Barangay Newly-Elected Officials (BNEO) na isang programa ng DILG, noong Setyembre 2018. Ang ginamit na sampling teknik o pagpili ng mga kalakok sa pagsasaliksik na ito ay ang *purposive sampling* teknik dahil ang mga halal na opisyales ang mga kalahok sa pag-aaral na ito, at ang *convenient sampling* teknik sapagkat kinuha ng mananaliksik ang pagkakataon na matipon ang mga opisyales ng barangay sa BNEO upang maisagawa dito ang pangangalap ng datos. Dalawampung *interview questionnaire forms* ang ipinamahagi sa mga kalahok ng BNEO na malugod nila itong tinanggap. Nagsagawa rin ang may akda ng panayam sa isang *key informant* upang makakalap ng mas malalim at mayamang datos. Bukod sa interbyu ay nagsagawa rin ng pagsusuri sa mga kaugnay na pag-aaral sa nasabing paksa.

## 4. PRESENTASYON AT PAGSUSURI NG NAKALAP NA DATOS

### Mundong pangkahulugan ng 'Kamag-anakan' sa Kulturang Pilipino

Maraming ugnayan ang nabubuo sa pagsasanib ng mga mag-anak ayon sa antropologong si Prospero R. Covar ng Unibersidad ng Pilipinas. Dagdag pa ni Covar, "ang karaniwang konsepto sa estruktura ng kamag-anakang Filipino (Covar sa Bautista at Pe-Pua 1991), o Filipinong sambahayan ay extended family" (Covar sa Navarro at Lagbao-Bolante, 1991, sipi mula sa Javier, 2018) na kinabibilangan ng mag-asawa't kanilang anak lamang na ipinag-iiba sa nuclear family o iyong binubuo ng ama't ina at ng kanilang supling kasama ang ibang kamag-anak sa iisang bahay. Magkaiba ang sistema ng *kinship* sa Estados Unidos at sa Pilipinas. Ayon kay Covar, ang mga in-law para sa mga Filipino ay "partikular ang katawagan sa iba't ibang kategorya ng relasyon ng pagkakamag-anakan" kaya may, "biyenan, manugang, bayaw, hipag, at bilas" (Covar nasa Navarro at Lagbao-Bolante 1991, sipi mula sa Javier, 2018). Mayroon ring katangiang Filipino ang estruktura ng kamag-anakan (Covar nasa Bautista at Pe-Pua 1991, sipi mula sa Javier, 2018). Ang istruktura ng pagkakamag-anak o *kinship structure* na matatagpuan sa Pilipinas ay nasa uri na *bilateral kinship system* kung saan kinikilala ang ugnayan ng mga anak sa parehong kamag-anak ng ama at ina (Lynch, 1973).

Mababanaag sa salitang ginagamit ng mga Pilipino ang ating kultura (Javier, 2018). Sinasabi ni Harre (mula sa Harre at Moghaddam, 2012), sipi mula sa Javier (2018), na "mahalagang maiugat sa wika, na siyang pinakakaraniwan na sisidlan pati daluyan ng isipan, damdamin, at pananaw, ang sikolohiya. Sa gayon

importanteng ungkatin sa wika ang sikolohiya sapagkat ito ang siyang pinaglalagakan ng kultura o ang kinakikitahan ng ating nagiging aksiyon, naiisip, napupusuan, at pinaniniwalaan.

Sa diksyunaryong inilathala ni Charles Nigg (1904), ang kamag-anakan ay isang wikang tagalog na nangangahulugang hinlog, angkan at lahi na ang katumbas sa wikang Ingles ay *kindred, progeny, lineage* at *clan* na kinabibilangan ng *extended family* ng ina o ama. Sa pagsasaliksik ni Scott (1994), sipi mula sa Javier (2018), "ang lahat ng mga kamag-anak ay tinatawag na hinlog (karugtong-bituka)." Kung kaya, bawat isang tao ay may kinabibilangan na angkan maging ito man ay malaki o maliit. Sa "Diccionario-Ingles-Español-Tagalog Con partes de la oracion y pronunciacion" ni Sofronio Calderon na inilathala noong 1915, ang mga salitang ingles na *kindred, kinsfolk* at *kinship* ay nangangahulugang *parentesco, parentela* at *casta* sa wikang Español at kahinlugan, kamag-anakan at angkan naman sa wikang Tagalog. Hindi matukoy ng mga banyagang mananaliksik kagaya nina Stoodley at Scott ang mga salitang mag-anak at kamag-anakan dahil hindi nila batid ang kaayusan sa pagwiwika ng mga Tagalog. Ginamit ni Stoodley (1957) ang salitang *family* para tukuyin ang salitang tagalog na mag-anak ngunit hindi niya naikabit mula sa katagang mag-anak ang kamag-anak (kin) at ang kamag-anakan (kinship). Dahil dito ay napansin niya na *may consciousness of kin* sapagkat saklaw ng mag-anak ang kamag-anak/kamag-anakan. Nailarawan din niya ang mag-anak bilang isang grupo na may matibay na bigkis ng pagkakamalapit sa isa't isa na siyang nagbubuklod sa kanila (sipi mula sa Javier, 2018).

Sa mga Ilokano, ang kamag-anakan ay nangangahulugang kadugo na ang katumbas na salita sa Ilokano ay *kabagian* na ang salitang ugat ay *bagi* o *body* sa Ingles. Base rito, ang kamag-anakan sa mga Ilokano ay mahalaga dahil ito ay tumutukoy sa mga taong may kaugnayan sa katawan ng isang tao. Ginagamit rin sa lenggwaheng Ilokano ang tanong na *kapin-ano* na ang katumbas sa wikang Ingles ay *how are you related to? Agkapin-anokayo? How are you guys related* na nagpapakita ng papel ng pamilya o kamag-anak sa pagkakakilanlan ng isang tao. Kung kaya ang *kapi* ay *prefix* na nagpapahiwatig ng antas ng *kapin-ano o relatedness*. Halimbawa ay *kapidua* o *second cousin*, *kapitlo* o *third cousin* (Rubino, 2000). Mahalaga rin ang ugnayan sa mga Tagalog sa tanong na kaano-ano mo siya? Ang katumbas ng kamag-anak sa Ingles ay *relation* at *connection* at sa Tagalog ay kaugnayan (Panganiban, 2013). Sa ginawang pagsasaliksin ni Frank Lynch (1973) sa Canaman, Camarines Sur tungkol sa sosyal na organisasyon ng lugar, napag-alaman nya sa kanyang pakikipanayam na ang kamag-anak ay may mga taong may 'ugnayan' sa isang tao. Samakatuwid, ang 'kamag-anak' sa mga Tagalog ay kapareho ng *'kabagian'* ng mga Ilokano dahil ito ay nangangahulugang ng 'ugnayan.'

Maituturing na *clannish* ang mga Pilipino o nabibilang sa angkan at bunsod nito, nagkakaroon sila ng ugali na kumiling o magbigay ng ispesyal na pagtingin pagdating sa mga kamag-anak (Lynch, 1973). Naiidikta rin ng pamilya o angkan ang estado at pagkakakilanlan ng indibidwal sa lipunan. Maaring maapektuhan ng reputasyon ng pamilya ang pagtingin ng mga tao sa isang indibidwal (Marcel, 1962), mula sa sipi ni Remodo (2014). Ang pagkakaroon ng ugnayan dahil sa kamag-anak ay nagbubuo ng pamilyarisasyon at tiwala (Kaelin, 2012, mula sa sipi ni Remodo, 2014). Dahil sa pagiging maka-angkan ng mga Pilipino, ito ay nagiging sanhi ng pagbubuo ng alyansa o paksyon base sa kinabibilangang pamilya o angkan. Ang relasyon ng kamag-anakan sa Pilipinas ay may malaking impluwensya sa pagtatakda at pagtatag ng pagkakaibigan, pagbilang ng kaaway, pagpapakasal, at pagbuo ng pulitikal at ekomikong alyansa (Timberman, 1991, mula sa sipi ni Remodo, 2014).

## Ang pulitika ng pamilya sa Pilipinas sa kasaysayan

Sa pagbabalik-tanaw sa kasaysayan, mababatid natin na ang sinaunang sistemang pulitikal sa ating bansa ay nakasentro sa pamilya. Sa pananaliksik ni Simbulan (2005), sipi mula sa Remodo (2014), ang sistemang *elit* ay nagsimula pa sa prekolonyal na barangay dahil ang kapangyarihan ay nasa kamay ng ilang pamilya. Sa kauna-unahang pagkakataon, tinukoy ni Juan de Plasencia, O.S.F. (1589) ang bangkang barangay bilang katawagan sa kalipunang bumubuo ng isang komunidad na pawang magkakamag-anak at pinamumunuan ng isang datu (Blaire and Robertson v. 7, 173-176) sipi mula sa Isorena, 2010). Sa pagsasaliksik ng Amerikanong antropologong si Bartlett H. Stoodley (1957) sa buhaybuhay ng mga Tagalog noong 1950's sa ilang aspekto ng estruktura ng mag-anak nito, napag-alaman ni Stoodley na ang pagbubuo at pagkakaayos ng lipunang Tagalog

ay nakabatay sa pamilya. Ayon sa kaniya, ang baryo (barangay) at ang pamilya (mag-anak) ay magkaugnay na tunay (Stoodley, 1957). Binubuo ng mga sityo ang isang baryo. Ang isang sityo ay kalipunan o komunidad ng mga magkakamag-anak. Ang sinuman na matutukoy na maaaring kadugo ay kabilang sa kamag-anakan. Ang *kinship group* ay natunghayan niya sa mga katagang gamit na *sex neutral* e.g. asawa, apo, kapatid, bata, manugang, pamangkin, biyenan, anak. Kaya nasabi niya na pantay ang katayuan ng babae't lalaki sa lipunang Tagalog (Stoodley 1957, sipi mula sa Javier, 2018).

Ang barangay noong una ay binubuo ng mga tao na nabibilang sa tatlong uri: 1. Maharlika; timawa o mga malaya; at mga aliping namamahay o aliping sagigilid. Sa mga panahong rin iyon, ang barangay ay pinamumunuan ng isang datu na siyang pinakamayaman sa barangay. Ang paggalang at respeto sa datu ay umaabot sa kanyang buong angkan. Dahil rito, masasabing ang pagiging kabilang ng isang indibidwal sa isang angkan na may kapangyarihan ay isang prebilehiyo (Simbulan 2005). Subalit noong ang bansa ay nasa ilalim ng pamumuno ng mga Espanyol, ang kapangyarihang ekonomiko at politikal ay ipinamahagi sa mga iilang *mestizong elit* na kilala sa tawag na *principalia*. Ito ay nabuwag nang sakupin tayo ng mga Amerikano na nagpakilala ng lokal na halalalan noong 1901, halalan sa kongreso noong 1907, at halalan sa Senado noong 1916 (Querubin, 2016). Dahil sa pagtatag ng lokal na pulitika, ito ay muling bumuhay sa mga kapangyarihan ng mayayamang pamilya na mamuno. Ang pagiging mahina ng mga partido pulitikal sa lokal na halalan ay maiuugnay sa malakas na impluwensya ng pamilya. Sa halalan sa pagitan ng mga makapangyarihang pamilya, bawat kandidato ay inaasahang makakakuha ng boto sa mga kamag-anak sa kundisyon na walang silang obligasyon sa kalabang kandidato (Lande, 1965).

## Impluwensya ng 'kamag-anakan' sa lokal na halalan sa Bayan ng Santa Cruz

Upang mabigyan ng liwanag ang ginagampanang papel ng kamag-anakan sa lokal na halalalan ay isinagawa ang isang panayam sa isang halal na opisyal ng bayan *bilang key informant* at pagbahagi ng *interview questionnaire forms* sa mga halal na opisyal ng barangay. Ayon sa *key informant*, mahalaga ang kamag-anak at kamag-anakan bilang sila ang mga unang tao na mangangampanya at boboto sa kanilang kamag-anak na tatakbo. Malaki ang ginampanang papel ng kanyang kamag-anakan sa kanyang pagkapanalo sa halalan dahil parehong magulang niya ay nagmula sa mga malalaking angkan sa kanilang bayan. Napakadami ng kanilang kamag-anak sa ibat-ibang mga barangay at madalas hindi niya na kilala yung iba ngunit inaako siyang kamag-anakan. Kahit kaapelyedo mo lang ay turing na sa iyo ay isang kamag-anakan at tatawagin ka na agad na pinsan. Ang isa sa mga mahahalagang aspeto ng sistema ng pagkakamag-anak sa Pilipinas ay ang katunayan na ito ay may kakayahang umangkop sa mga relasyon sa mga malayong kamag-anak depende sa kagustuhuan ng indibidwal (Eggan, 1968).

Noong nangangampanya ang *key informant*, inilagay niya sa ipinamimigay niyang mga polyeto ang buong pangalan ng mga magulang niya sa kanyang pagpapakilala. Ito ay upang makita ng mga tao ang kanilang ugnayan base sa apelyedo ng kaniyang mga magulang. Ito marahil ay naging dahilan upang siya ay manalo sa halalan. Maging sa Bikol, ang pulitika ay pinapaikot ng ilang pamilya. Ang pagiging miyembro ng isang angkan na kilala sa pulitika at pagtataglay ng isang makinarya ay malaking tulong para upang manalo ang pulitiko sa halalan (Remodo, 2014). Ayon sa *key informant*, malaki ang epekto ng kamag-anakan sa aktwal na botohan, madalas ito ang nagpapataas ng *ranking* ng isang kandidato lalo na sa maramihan na posisyon dahil ang mga kamag-anak, lalo na iyong malalapit na talaga, ay nagiging mga protective. Sa kagustuhan nila na manalo ang kanilang kamag-anak ay ginagawa ang *straight voting* o iisang kandidato lang ang iboboto nila kahit mahigit sa isa ang pinaglalabanang posisyon upang lumalaki ang lamang ng kanilang kamag-anakan sa ibang kandidato. Ito ay pinatotohanan ni Carl Lande (1968), na sa munisipal na halalan, ang insidente ng *straight voting* ay talamak sa mga baryo. Sa paraang ito, nakakaroon ng paksyon (faction) dahil sa pagbubuo ng grupo base sa lugar, pamilya at pagsunod sa isang personal na lider (Lande, 1968). Ang pamumuno ng pamilya sa paksyon ay

nakadepende sa yaman at bilang ng mga kamag-anakan na nakatira sa bayan na iyon na sumusuporta ng buong katapatan (Lande, 1968).

Sa *profile* ng mga kalahok sa pag-aaral sa Table 1, makikita na silang lahat ay ipinanganak sa bayan ng Santa Cruz. Wala ni isang opisyal na nahalal na hindi taal na Santa Cruz. Sa datos na nakuha mula sa *interview questionnaire forms*, silang lahat ay sinuportahan ng mga kamag-anakan sa iba't ibang pamamaraan gaya ng pagtulong sa kampanya, pagbibigay ng moral support at tulong pinansyal.

## Ang 'ginhawa' bilang motibasyon sa pagboto sa kamag-anakan sa halalan

Ayon sa KI, ang nagiging motibasyon ng mga sumuportang kamag-anakan niya sa kanya ay ang may maipagmalaki na may kamag-anak sila na pulitiko. Minsan naman kapag may mga kailangan sila na serbisyo ay lalapit sila sa kanya upang magpatulong sa pag-aayos nito, o di kaya naman ay direktang hihingi ng tulong sa kanya depende sa pangangailangan nila tulad ng paghahanap ng trabaho, paghingi ng mga *endorsement* para sa mga ahensya ng gobyerno, pinansyal na tulong para sa pagkakasakit o iba pang pangangailangan.

Sa nakalap na datos sa dahilan ng pagtakbo sa halalan ng mga kalahok sa pag-aaral, karamihan ay sumagot na gusto nilang magsilbi, tumulong at maglingkod sa kabaranggay. Sa tanong kung bakit sila hinalal ng mga tao, naniniwala ang mga opisyales na ang mabuting pakikisama at pagtulong sa kapwa ang nagpanalo sa kanila. Maiuugnay ang dalumat ng 'ginhawa' sa motibasyon ng mga kalahok sa pag-aaral (opisyales ng barangay) sa kanilang pagtakbo sa halalan gaya ng kagustuhang maglingkod at tumulong. Ginhawa rin ang motibasyon ng mga botante sa paghalal sa mga nanalong opisyales bunsod ng mabuting pakikisama at pagtulong sa kapwa.

Table 1. Profile ng mga participants

| **Kasarian** | **Lugar ng Kapanganakan** | **Posisyon** |
|---|---|---|
| Lalake | Santa Cruz | Brgy. Kagawad |
| Lalake | Santa Cruz | SK Kagawad |
| Lalake | Santa Cruz | SK Kagawad |
| Babae | Santa Cruz | Brgy.Kagawad |
| Lalake | Santa Cruz | Brgy.Kapitan |
| Babae | Santa Cruz | Brgy.Kagawad |
| Babae | Santa Cruz | Brgy.Kagawad |
| Babae | Santa Cruz | SK Chaiperson |
| Babae | Santa Cruz | Brgy.Kagawad |
| Lalake | Santa Cruz | Brgy.Kagawad |
| Lalake | Santa Cruz | SK Chairperson |
| Lalake | Santa Cruz | Brgy.Kagawad |
| Lalake | Santa Cruz | Brgy. Kagawad |

| | | |
|---|---|---|
| Lalake | Santa Cruz | Brgy. Kagawad |
| Lalake | Santa Cruz | Brgy. Kagawad |
| Babae | Santa Cruz | SK Chairperson |
| Lalake | Santa Cruz | Brgy.Kapitan |
| Babae | Santa Cruz | SK Chaiperson |
| Babae | Santa Cruz | SK Kagawad |
| Lalake | Santa Cruz | Brgy.Kagawad |

Sa pagpili ng kandidato sa halalan, nagiging prayoridad ang pagboto sa mga kamag-anak dahil sa pananaw na mas makakatulong at madaling lapitan ang mga kamag-anakang pulitiko. Ang pagkakaroon ng posisyon sa pamahalaan ay pinag-uugatan ng kapangyarihan ng isang pamilya. Dahil dito, nagagamit ng isang pulitiko ang kanyang posisyon upang matulungan ang mga kamag-anak at makuha ang suporta ng mga lokal na opisyal (Querubin, 2015). Sa pagpapahalaga sa ating kultura ng 'utang na loob,' ang katapatan ng mga Pilipino ay nasa pamilya higit sa kapakanan ng mas nakakarami sapagkat obligado ang mga halal na opisyales na tumulong sa pamilya sa oras ng pangangailangan (Roces, 2000).

Isa sa pangunahing binibigyang halaga sa sosyal na pamumuhay ng mga Pilipino ay ang maayos na pakikipag-ugnayan o *interpersonal relations* sa iba na nangangahulugan ng pakikisama. Inaasahan rin na ang pagiging tapat sa malapit na kamag-anak. Ayon kay Yasushi Kikuchi, nag-aral sa papel sa lipunan ng ritwal ng kinship system ng Filipino, ang estrukturang panlipunan at ang sistema ng kinship ay nagbibigay ng mataas na pagpapahalaga (premium) sa pagkakaisa ng mag-anak (family solidarity) at ugnayang may pagbibigayan (reciprocal relationship) (sipi mula sa Javier, 2018).

Ang mga Pilipino ay sumusunod sa kaugalian ng utang na loob na naidadala nila sa pulitika lalo na tuwing halalan dahil ang pagboto sa isang kandidato ay maaring pagtanaw ng utang na loob (Eggan, 1968). Sa kabilang banda, ang hindi pagsuporta sa isang kamag-anakan sa halalan ay isang kawalan ng utang na loob. Ang sadyang hindi pagtanaw sa utang na loob ay maituturing na *walang hiya*, isang katawagan na mas mababa pa sa namamalimos o sa isang aso (Hollnsteiner, 1968 sinipi mula sa Bankoff., 2012).

Sa pagsusuri ni Isorena (2010), ang organisasyong pangkamag-anakan ay pinagbigkis hindi lamang ng dugo kundi utang na loob. Dagdag pa niya:

> Kaugaliang Pilipino ang lumapit sa kaanak sa mga panahon ng kagipitan. Kadalasan mayroong patriarko (patriarch) ang kamag-anakan na laging handa at may kakayanang tumugon sa mga pangangailangan ng mga kaanak. Sa mga ganitong pagkakataon napagtitibay ang pagkakamag-anakan bunga ng sitwasyong nilikha utang-na-loob. Ang utang-na-loob ay walang katumbas na kabayaran maliban sa patuloy na pagganti ng kabutihang-loob. Ang ganitong sistema ng mabuting gantihan at turingan (reciprocity) ang nagpapatibay.

Sa mag-anak nagsisimula ang utang-na-loob, ito ay tulad ng pag-ibig na ibinibigay ng walang hinihintay na kapalit (Javier, 2018). Hindi maaaring ipautang ang loob at pagkatapos ay singilin dahil ang utang-na-loob ay pagkakaloob mismo ng buhay na hindi naman hiningi ng pinagkalooban nito.

Itinuturo sa mga Pilipino na maging tapat sa pamilya at pati na rin sa angkang kinabibilanganan. Sa madali't sabi, may suportang matatamo sa ugnayang nabuo ng kamag-anakan (Javier, 2018). Maaring namang magdala ng kaparusahan sa mga miyembro ng angkan gaya ng paglayo, pag tsismis, at iskandalo ang hindi pagsunod sa kagustuhan ng angkan (Jocano, 2000, sa sipi ni Remodo, 2014).

Ang sistema ng *bilateral extended kinship* ay nangangahulugan na ang bawat Pilipino ay may maraming mga tao na maaari siyang humingi ng tulong at suporta, at magkakaroon siya ng mga hinihingi mula sa marami para sa anumang tulong o impluwensya na mayroon siya. Ang bawat isa ay handa na magbigay o tumanggap ng tulong mula sa mga miyembro ng grupong itinuturing niya na kanyang pamilya (Guthrie, 1968). Ang mga obligasyon ng pamilya ay pinalawak sa mga malalayong pinsan pati na rin sa mga taong ginagawang bahagi ng pamilya sa pamamagitan ng mga seremonyang gaya ng pag-sponsor sa isang kasal o pagbibinyag.

## Ang pag-asam ng 'ginhawa' at sistemang kamag-anakan sa pagbubuo ng dinastiyang pulitikal

Ang dinastiya sa pulitika ay nagsisimula sa pagkakaroon ng malawak na impluwensya ng isang angkan sa pulitika. Ito nangangahulugang ang mga grupong magkakamag-anak ay nagpapatakbo para sa kanilang sariling mga interes sa paraang maari silang bumuo ng alyado o karibal sa ibang angkan. Ang *politica de familia* ay lumalaki sa isang lugar kung saan ang mga pangkat ng piling pamilya at ang kanilang mga tagasuporta ay nakikipagkumpitensya sa isa't isa para sa kapangyarihang pampulitika. Sa sandaling makuha ang kapangyarihang hinahangad sa pulitika sa pamamagitan ng pagbuo ng alyansa sa isang pamilya, ginagamit ito nang walang humpay upang magdulot ng yaman at katanyagan ng pamilya kahit ito pa ay ay pagtaliwas sa batas (Roces, 2000). Ang pagbubuo ng alyansa base sa ugnayan dahil sa pamilya ay maaring magdulot ng pangkatin.

Isinusulong ng ibang kongresista sa kamara na ipagbawal na ang political dynasty sa Pilipinas dahil ito ay salungat sa demokratikong pamumuno. Tinukoy ng Korte Suprema ang termino ng mga pampulitikang dynastiya sa kaso ni Navarro v. Ermita (GR No. 180050; April 12, 2011). Sa ganitong desisyon, nagbigay ng depinisyon si Supreme Court Justice Antonio Carpio tungkol sa dinastiya sa pulitika sa Pilipinas "na isang kundisyon kung saaan ang kapangyarihang pampulitika at paggamit ng pampublikong mapagkukunan ay nasa loob ng kontrol ng ilang mga pamilya na ang mga miyembro ay halinhinang humahawak ng elektibong opisina bunga ng limitasyon sa termino.

Sa Pilipinas, marami sa mga pulitiko ay masasabing kabilang sa dinastiya sa pulitika gaya ng mga mambabatas at mga nasa lokal na pamahalaan kagaya ng mga Duterte sa Davao, Singson sa Ilocos, Belmonte sa Lungsod Quezon, Yap sa Tarlac, at marami pang iba. Sa Marinduque, hindi makakailang ang mga Reyes ay maiikunsiderang isang dinastiyang pampulitika dahil halinhinang humahawak ng elektibong posisyon ang mga miyembro ng pamilya. Ayon sa nakalap na inpormasyon mula sa KI, nagsisimulang magkaroon ng interes ang ibang miyembro ng pamilya sa pagkakaluklok ng isa sa kanilang kamag-anakan sa posisyon sa paniniwalang kaya na magpanalo ng pamilya sa halalan. Ayon kay Querubin (2015), maraming mga pag-aaral ang nagsasabing nagagamit ng isang halal na opisyal ang kanyang posisyon, makinarya at ang kanyang koneksyon o impluwensya upang matulungan ang isang kamag-anak na makapasok sa pulitika at mapanatili ang kapangyarihan ng pamilya kapag matapos na ang kanyang termino. Ito ay nagbubunga ng dumadaming magkakapamilya na umuupo at nagkakaposisyon sa pulitika isang lugar at pinagmumulan ng disnastiyang pampulitika. Bukod rito, nagagamit ng pulitiko ang pera ng bayan upang payamanin ang sarili o kaya maglaan ng pondo na magagamit sa susunod na halalan gaya ng panustos sa kampanya (Querubin, 2015). Kung susuriin, ang pagkakaroon ng posisyon sa pulitika ay nagdudulot ng kaginhawaan sa mga pulitiko sa uri ng kapangyarihan at pagpapayaman sa sarili at pamilya sa paraang nilulustay ang pondo para sa proyekto para sa mga nasasakupan.

Napapanatili ang dinastiya ng mga maiimpluwensyang pamilya sa pulitika sa mga bayan o lalawigang mahihirap. Talamak sa lugar na mga ito ang pagbebenta ng boto at ito ay nagpapatuloy sa kasalukuyan. Sa isang pag-aaral sa paraan ng pagboto ng mga mahihirap na isinagawa ng Institute of Philippine Culture, dalawang buwan bago ang eleksyon sa Mayo 2004, napag-alaman ng mga mananaliksik na hindi ang kayamanan at kapangyarihan ng kandidato ang binibigyan ng halaga ng mga botante na nabibilang sa mga mahihirap, kundi ang lider na matulungin, maawain, sinsero at responsible (Bautista, 2008). Dapat magkaroon ng mas malawak

pang pananaliksik sa ugnayan ng 'ginahawa' sa pagkakaroon ng dinastiyang politikal bukod sa pagkakaroon ng malawak na *network* at maraming bilang ng kamag-anakan.

## 5. KONKLUSYON

Sa ginawang pag-aaral, masasabing hindi mahihiwalay ang kamag-anakan sa sistema ng pulitika sa local na halalan. Malaking bahagi sila ng tagumpay o kabiguan ng isang kandidato sa halalalan. Nagiging basehan ito ng pagkapanalo ng isang kandidato. Ang dami ng boto na nakukuha ng isang kandidato ay kadalasang ibinabase din sa dami ng kamag-anakan na meron siya.

Ang pulitika ay masasabi nating hindi lamang labanan ng lakas, pera at kapangyarihan kundi labanan na din ng ibat ibang magkakamag-anak, pamilya laban sa isa pang pamilya. Nang dahil sa ganitong sistema nagkakaroon ng *faction* ang mga magpapamilya pagdating sa halalan. Ito din ang pinagmumulan ng dinastiyang pampulitika sa hangaring mapanatili sa pamilya ang kapangyarihan.

Ang mga kamag-anakan naman na sumusuporta sa kanilang kamag-anak na kandidato ay umaasa na makakaranas ng 'ginhawa' o benepisyo sa pagkapanalo ng kanila kamag-anak. Ang 'ginhawa' na ito bagamat hindi naman lagi nangangahulugan ng malaking pabor ay tumutukoy sa ideya na mas mapapadali ang kanilang paglapit sa pamahalaan o gobyerno kung sila ay mangangailangan. Isang malaking karangalan din kadalasan para sa kanila ang masabi na kamag-anak nila ang isang sikat na tao o isang pulitiko, lagi nila itong binabanggit at ipinagyayabang sa mga kakilala nila.

Samakatuwid, ang kamag-anakan ay isang malaking impluwensya sa sistema ng halalan, ito ay nakabase sa ginhawang dala nang higit na madaling pangangampanya at pagpapakilala para sa isang kandidato at sa punto naman ng kamag-anak ay nagdudulot ito ng ideya na higit na magiging madali para sa kanilang pamilya ang paglapit sa gobyerno kung meron silang kamag-anakan na nakapuwesto bilang isang pulitiko. Ang ganitong sistema din ang maaring magpasimula ng dinastiyang pampulitika dahil napapanatili at napapalakas lalo ang kapangyarihan at impluwensya ng mga pamilya sa pulitika sa pamamagitan ng maraming bilang na magkakamag-anak na naluluklok sa pwesto at sunod-sunod o pagpapalitan na pag-upo sa mga posisyon ng mga pulitikong buhat sa iisang angkan.

## 6. SANGGUNIAN

Bankoff, G. (2012). For the good of the barrio' Community associations and the state in the rural Philippines 1935-1965. Beyond Empire amnd Nation. In E. Bogaers & R. Raben (Eds.), *The Decolonization of African and Asian societies, 1930s-1970s*. Brill

Bautista, C. (2008). Democratic Consolidation and the Challenge of Poverty in the Philippines. In Asian New Democracies: The Philippines, South Korean and Taiwan Compared. Hsin-Huang Michael Hsia (Ed.) Taiwan Foundation for Democracy and the Center for AsiaPacific Area Studies.

Eggan, F. (1968). Philippine Social Structure. In Guthrie, George M. (Ed.) Six Perspectives on the Philippines. Manila: The Bookmark, Inc.

Calderon, S. G. (1915). Diccionario Ingles-Español-Tagalog Con partes de la oracion y pronunciacion. Volume 1. Library of Alexandria.

Chua, M.C. (2014). Pantayong Pananaw o Pantasyang Pananaw Lamang: Kamalayan mula sa Konsepto/Dalumat ng Bayan, Mga Tinig mula sa Ibaba. Saliksik E-Journal. Tomo 3, Bilang 1, p. 80-118.

Javellana, R. B (1991). Wood and stone for God's greater glory: Jesuit art and architecture in the Philippines. Manila: ADMU Press.

Parishes and Parochial Clergy of the Diocese of Boac. Retrieved January 10, 2017, from http://www.cbcponline.net/boac/html/parishes.html

Hill, M. Patterson (2017). A Qualitative Exploratory Case Study of Self-Reported Influences Affecting the Decision of Homeless Sexual-Minority Students to Leave Homes. (Unpublished Dissertation). Stephen F. Austin State University, 2017. Retrieved October 1, 2018, from

https;//scholarworks.sfasu.edy/cgi/viewcontent.cgi?article=1136&context=etds.

Huerta, Felix de (1865). Estado geografico, tofografico, estadistico, historico-religioso, de la santa y apostolica provincia de S. Gregorio Magno de religiosos menores descalzos de la regular y mas estrecha observancia de N.S.P.S. Francisco, en las islas Filipinas Huerta.

Isorena, E. B (2010). Barangay: Bangka at Lipunan [Electronic version]. Malay XXIII, 1;81-96.

Lande, C. (1968). Parties and Politics in the Philippines. Asian Survey, Vol. 8, No. 9, pp. 725-747.

Lynch, F (1973). Perspecives on Filipino Clannishness. Philippine Sociological Review, Vol. 21, pp. 73-79.

Machado, K. G. (1974). From Traditional Faction to Machine: Changing Patterns of Political Leadership and Organization in the Rural Philippines. The Journal of Asian Studies, Vol. 33, No. 4, pp. 523-547.

Montiel, C.J and Macapagal, M. J. (2000). Political Psychology in the Philippines: An Update. Philippine Journal of Psychology. Vol. 33, No.2, 1-32.

Nigg, C. (1904). A Tagalog English and English Tagalog dictionary. Manila: Imp. De Fajardo y coma. Digitized by Ann Arbor, Michigan: University of Michigan Library, 2005.

Panganiban, J.V. (2013). Concise English Tagalog Dictionary. Tuttle Publishing

Penalosa, Ma. Carmen V. “Ginhawa”: An Inquiry into its Semantic Domain Across Philippine Entnolinguistic Groups and Its Overall Pan-Filipino Conception [Electronic version]. From “Hanapbuhay:” The Filipino Bureaucrat’s Quest for ‘Ginhawa” In the Workplace (Unpublished Dissertation). Universty of the Philippines.

Querubin, P. (2016), "Family and Politics: Dynastic Persistence in the Philippines", Quarterly Journal of Political Science: Vol. 11: No. 2, pp 151-181.

Remodo, A. V. (2014). Sadiring-tawo: From familial to oligarchic politics [Electronic version]. Bikol Studies, *1*, 1, 5-25.

Roces, M. (2000). Kinship Politics in Post-War Philippines: The Lopez Family, I945- 1989. Modern Asian Studies, Vol. 34, No. 1 (Feb., 2000), pp. 181-221. Retrieved October 1, 2018, from https://www.jstor.org/stable/313115.

Rubino, C. R. (2000). Ilocano Dictionary and Grammar: Ilocano-English, English-Ilocano. University of Hawaii Press.

Soberano, R. (1980). The Dialect of Marinduque Tagalog [Electronic version]. Pacific Linguistics Series B- No. 69.

Teehankee, J. C. (2012). Clientelism and party politics in the Philippines [Electronic version], in D. Tomsa and A. Ufen (eds): Clientelism and Electoral Competition in Indonesia, Thailand and the Philippines. Publisher: Routledge, Editors: Dirk Tomsa, Andreas Ufen, pp.186-214

Trajano, J.C. I. & Yoes, C. K. (2013). Indonesia and the Philippines : political dynasties in democratic states. (RSIS Commentaries, No. 018). RSIS Commentaries. Singapore: Nanyang Technological University. Retrieved on November 4, 2018 https://dr.ntu.edu.sg/bitstream/handle/10220/12064/RSIS0182013.pdf?sequence=1

Ufen, A. (2008). Political party and party system institutionalization in Southeast Asia: lessons for democratic consolidation in Indonesia, the Philippines and Thailand [Electronic version]. The Pacific Review,Vol. 21 No.: 327–350.

Wurfel, D. (1963). The Philippines [Electronic version]. The Journal of Politics, Vol. 25, No. 4, pp. 757-773.